Sunshine Coast COUNCIL | Our region. Healthy. Smart. Creative.

Welcome
Multicultural Welcome Hub

INFORMATION SHEET

# Konseho ng Sunshine Coast

## Charter ng kustomer

Pagkamaagap I Pagiging Episyente I Propesyonalismo

Hinahangad ng Konseho ng Sunshine Coast na makilala sa kanyang pagkadedikado sa kahusayan sa pagbibigay-serbisyo sa kustomer.

### Nagbibigay ang Konseho ng mga sumusunod na serbisyo:

- Mga kalsada, tulay, at daanan ng tao (footpath).
- Pagkolekta ng basura at pagre-recycle
- Mga pasiladad na panlibangan katulad ng mga parke, tabing-dagat (beach), pool, mga community hall at mga sporting ground.
- Pagpaparehistro ng mga alagang hayop
- Pagpaplano at pag-aaproba ng mga proyekto sa pag-unlad
- Mga pampublikong aklatan at mga art gallery
- Mga okasyon sa komunidad
- Pagboboluntaryo.

Ang konseho ay

- Magbibigay ng napapanahong pagreresolba sa iyong mga katanungan
- Magsisiguro na ang aming mga interaksiyon at tugon sa iyo ay propesyonal at episyente
- Tatrato sa iyo ng may kagandahang-loob at paggalang
- Magbibigay ng feedback at mga update kung kinakailangan
- Magsisiguro na ibibigay ng kawani ng konseho ang kanilang pangalan at mga detalye sa pagkontak
- Protektahan ang iyong pagkapribado sa ilalim ng Right to Information Act 2009 (Qld) at ng Information Privacy Act 2009 (Qld).

### Matutulungan mo kami sa pamamagitan ng

- Pagbibigay ng tapat at tumpak na impormasyon kapag nakikitungo sa amin
- Pagbibigay-alam sa amin kapag nagbago ang mga bagay-bagay (hal. ang iyong mga detalye sa pagkontak)
- Pagtrato sa mga kawani ng may kagandahang-loob at paggalang
- Pagsasabi sa kawani kung kailangan mo ng interpreter upang tumulong sa iyo.

### Iyong feedback

- Ang iyong feedback sa aming serbisyo, kawani, mga proseso at mga desisyon ay napakahalaga.
- Pinapahalagahan namin ang iyong feedback kung ano ang ginagawa namin nang tama at kung saan kami maaaring bumuti.
- Tutugunan namin ang lahat ng feedback nang magalang.

Queensland Government

## Paano Kokontakin ang Konseho

### Bumisita sa aming mga tanggapan nang personal

Bukas ang aming mga tanggapan mula 8:30am hanggang 4:30pm mula Lunes hanggang Biyernes.

- Caloundra, 1 Omrah Avenue
- Maroochydore, 10 First Avenue
- Nambour, Sa kanto ng mga Kalyeng Currie at Bury

### Telepono at fax

| | |
|---|---|
| Mga pangkalahatang katanungan sa konseho | (07) 5475 7272 o 1300 007 272 |
| Fax | (07) 5475 7277 |
| Mga katanungan sa pagpaplano, pagpapatayo ng gusali at plumbing | 07 5475 7526 |
| Mga taong may kapansanan sa pandinig | National Relay Service - 133 677 o mag-chat online |
| Mga taong may kapansanan sa pagsasalita | National Relay Service - 1300 555 727 o mag-chat online |

### Pagpapadala sa Koreo

Locked Bag 72, Sunshine Coast Mail Centre

QLD 4560

### Live chat, email o paghiling ng serbisyo online

Website: www.sunshinecoast.qld.gov.au

Sa pamamagitan ng email: mail@sunshinecoast.qld.gov.au

Makipag-chat sa aming Customer Service Officer (Opisyal sa Pagbibigay-serbisyo sa Kustomer) gamit ang Live Online Chat ng konseho mula 9.00 am - 4.30 pm Lun-Biy sa pamamagitan ng pag-klik sa icon sa ibabang kanang bahagi ng website.

### Social media

| | |
|---|---|
| Facebook | SunshineCoastCouncil |
| Instagram | sunshinecoastcouncil |
| Twitter | CouncilSCC |
| Linkedin | Sunshine Coast Council |
| YouTube | Sunshine Coast Council |

## Multicultural Welcome Hub

Alamin kung saan ka makakakuha ng suporta, paano ka makakakilala ng ibang tao at galugarin ang iyong bagong komunidad. Makinig sa mga kuwento ng iba pang migrante.

www.sunshinecoast.qld.gov.au/multicultural

## Kailangan mo ba ng tulong sa wika?

Kung nahihirapan ka sa pagsasalita o pag-uunawa ng wikang Ingles, maaari mong tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS, Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-interpret) sa 131 450 at humiling na ipasa sa Sunshine Coast Council sa 5475 7272.

Interpreter

## Pagsasalin ng online na impormasyon

Maaari mong gamitin ang Google Chrome upang isalin ang mga webpage sa ibang wika. Sundin ang mga hakbang na ito upang i-activate ang kakanyahang ito:

- Sa iyong computer, buksan ang Chrome.
- Sa itaas na kanang bahagi, i-klik ang More Settings.
- Sa ibaba, i-klik ang Advanced.
- Sa ilalim ng “Languages”, i-klik ang Language.
- I-tsek o tanggalin ang tsek sa “Offer to translate pages that aren’t in language you read (Mag-alok na isalin ang mga pahina na hindi nakasulat sa wikang nababasa mo).”

Kasaluluyan noong Agosto 2019

**Sunshine Coast Council**
**www.sunshinecoast.qld.gov.au**
mail@sunshinecoast.qld.gov.au
**T** 07 5475 7272 **F** 07 5475 7277
Locked Bag 72 Sunshine Coast Mail Centre Qld 4560